

BATAS NG CALIFORNIA SA REGULASYON AT KALIGTASAN NG MEDIKAL NA CANNABIS

MGA BAGONG BATAS NG ESTADO SA MEDIKAL NA CANNABIS

Noong 2015, nilagdaan ni Gobernador Brown ang batas na nagtatag sa unang balangkas ng regulasyon para sa industriya ng medikal na cannabis sa California.

Ang Batas sa Regulasyon at Kaligtasan ng Medikal na Cannabis (Medical Cannabis Regulation and Safety Act, Act) ay naglalaan na maibigay ang mga lisensya ng tatlong awtoridad sa paglilisensya: ang Bureau of Medical Cannabis Regulation (BMCR), California Department of Food and Agriculture (CDFA), at California Department of Public Health (CDPH). Ang mga awtoridad sa paglilisensya ay responsable para sa pagbuo ng mga regulasyon at mga patakaran tungkol sa paglilisensya ng estado sa ilalim ng mga bagong batas (tingnan ang “Istrakturang Administratibo ng Estado: Mga Awtoridad sa Paglilisensya” sa ibaba). Bilang karagdagan sa mga awtoridad sa paglilisensya, maraming mga entidad ng estado ang tutulong sa pagpapatupad ng Batas, kasama na ang Board of Equalization, State Water Resources Control Board, Division of Occupational Safety and Health, Department of Justice, at Department of Fish and Wildlife.

ISTRAKTURANG ADMINISTRATIBO NG ESTADO: MGA AWTORIDAD SA PAGLILISENSIYA

Bureau of Medical Cannabis Regulation (pangunahing entidad)

Department of Consumer Affairs

- Mga Dispensaryo
- Mga Nagdadala
- Mga Namamahagi
- Pagsusuri

Medical Cannabis Cultivation Program (MCCP)

Department of Food and Agriculture

- Pagpapatubo

Office of Medical Cannabis Safety

Department of Public Health

- Paggawa



MGA TAMPOK NG BATAS

Dalawahang Pagliliseniya. Sa ilalim ng Batas, ang lahat ng mga komersyal na aktibidad ng medikal na cannabis ay nangangailangan ng parehong isang lisensya ng estado at isang lokal na pag-apruba sa pamamagitan ng isang lisensya, permit, o iba pang awtorisasyon. Ang lokal na pag-apruba ay pahihintulutan ng mga lokal na pamahalaan. Ang mga awtoridad sa pagliliseniya ng estado ay kasalukuyang nagbabalangkas ng mga regulasyon para sa mga lisensya ng estado. Ang lahat ng mga negosyo ay dapat magkaroon ng lokal na pag-apruba bago mag-aplay para sa lisensya ng estado.

Mga Pasyente at Mga Pangunahing Caregiver. Ang isang kwalipikadong pasyente na nagpapatubo, nagmamay-ari, nagpoproseso, o nagdadala ng medikal na marijuana para lamang sa sariling gamit medikal ay hindi kinakailangang kumuha ng isang lisensya. Ang mga pangunahing caregiver na nangangalaga sa lima o mas mababa pang bilang ng mga pasyente ng medikal na cannabis ay hindi rin kinakailangang maging lisensiyado kung sumusunod sila sa Batas.

Subaybayan at Bakasin. Lahat ng mga medikal na cannabis at mga produkto nito ay susubaybayan sa buong sirkulo ng buhay ng produkto, mula sa orihinal na planta hanggang sa huling tindahan. Ibinibigay ng Batas sa CDFA ang responsibilidad ng pagpapatupad ng isang programang subaybay-at-bakasin para sa estado.

Pananaliksik. Ang Center for Medicinal Cannabis Research sa University of California, San Diego ay nagsasagawa ng isang pag-aaral ukol sa mga epekto ng pagkonsumo ng cannabis sa mga kasanayang motor.

Mga Gawad para sa Mga Lokal na Ahensya. Ibinibigay ng Batas ang pagtatatag ng isang programa sa paggawad upang matulungan ang mga lokal na ahensiyang ipatupad ang mga batas ng lokal at estado sa buong pagpapatupad ng Batas.

Paghinto ng Modelong Kolektibo. Ang kolektibo ng estado o modelong kooperatiba na kasalukuyang ginagamit ng mga residente ay ititigil isang taon matapos simulang tanggapin ng BMCR ang mga aplikasyon.



BMCR
BUREAU OF MEDICAL
CANNABIS REGULATION

